ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# MULA SA PAGKATALO TUNGO SA TAGUMPAY SA PAGSABAK SA PAMAHAYAGANG PANGKAMPUS: ISANG MULTIPLE CASE NA PAG-AARAL

**Divina R. Odod[1], Vicente A. Pines Jr.[2]**
[1]*Teacher II, Buda National High School*
[2]*Part-time Professor, University of the Immaculate Conception*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra24743
**DOI No: 10.36713/epra24743**

**ABSTRAK**

*Ang kwalitatibong multiple-case na pananaliksik na ito ay naglalayong ilarawan ang mga karanasan at pamamaraan ng mga estudyanteng mamamahayag sa pagharap sa mga hamon sa pamahayagang pangkampus. Gamit ang maximum variation sampling, pinili ang limang kalahok mula sa iba't ibang pampublikong paaralan ng Rehiyon XI at ang pangangalap ng datos ay isinagawa sa pamamagitan ng malalimang panayam na pinagtibay ng trayanggulasyon mula sa iba pang kaugnay na impormante. Ang pagsusuri ay dumaan sa thematic analysis, at lumabas ang mga temang kabiguan bilang simula ng pagkatuto, pagbangon at pagpapatuloy, suporta at inspirasyon mula sa iba, pagpupursige at paghahanda, at tagumpay bilang bunga ng paglalakbay. Natukoy din ang mga temang pananampalataya sa sarili at pagtitiwala sa guro, positibong pag-iisip at pagpupunyagi, suporta ng pamilya, kaibigan, at komunidad ng paaralan, disiplina sa paghahanda, at pagpapanday ng kasanayan sa pagsusulat at kritikal na pag-iisip. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang pamahayagang pangkampus ay hindi lamang tungkol sa kompetisyon kundi nagsisilbing makabuluhang espasyo para sa holistikong pagkatuto, paghubog ng kritikal na pag-iisip, at pagpapatatag ng tiwala sa sarili ng kabataan. Ang resulta ng pag-aaral ay may implikasyon para sa mas pinatibay na paggabay, sapat na pagsasanay, at mas malalim na pagbibigay-pansin sa emosyonal at sikolohikal na kalagayan ng mga estudyanteng mamamahayag.*

**SUSING SALITA:** *Edukasyon, Pamahayagang Pangkampus, Pagsulat Ng Editoryal, Pagkatalo, Tagumpay, Multiple Case Study, Pilipinas*

## INTRODUKSYON

### Kaligiran ng Pag-aaral

Ang paaralan ay nagsisilbing pundasyon ng impormasyon at tagapaghubog ng mga kabataang mamamahayag. Isa sa mga pangunahing suliranin sa pamamahayag ay ang paglaganap ng maling impormasyon at kakulangan sa etikal na pamantayan. Dahil dito, nagiging hamon sa mga mag-aaral na paigtingin ang kasanayan sa pagsusuri at paghahatid ng totoo at de-kalidad na balita. Mahalaga ito upang mapanatili ang kredibilidad ng pamamahayag at mapalalim ang pag-unawa ng mambabasa sa mga isyung panlipunan. Isa sa mga pangunahing isyung panlipunan na kinahaharap sa kasalukuyan ay ang sa integridad at kalidad ng proseso sa pamamahayag, mula sa pagkalap ng datos, pagsulat, pag-edit, hanggang sa distribusyon ng balita.

Sa isang pananaliksik na isinagawa sa bansang Nepal, inilahad nina Teijlingen et al. (2022) na ang mga pahayagan sa bansa ay nahaharap sa suliranin ng hindi paglalathala ng mga editoryal, dahil itinuturing itong mababa ang uri at hindi kaakit-akit sa mga mambabasa. Samantala, sa bansang Bangladesh, ipinakita ni Hasan (2023) sa kanyang pag-aaral na ang pamamahayag ay isa sa mga pinakamahirap na propesyon, puno ng mga hamon, at mga panganib na kinakaharap ng mga mamamahayag sa pakikipag-usap, pakikipanayam, at pagganap ng kanilang mga tungkulin bilang mga responsableng tagapagbalita. Ganito rin ang kalagayan sa bansang South Africa, kung saan ipinakita ni Bangani (2021) ang hamon ng paglaganap ng maling impormasyon o fake news na hinaharap ng akademikong mga aklatan at institusyon sa bansa sa panahon ng pandemya. Ang tatlong pag-aaral ay nagpapakita ng magkakaparehong hamon at isyu na kinakaharap ng mga mamamahayag sa iba't ibang bansa, na may layuning maghatid ng tamang impormasyon sa kanilang mga komunidad at sa mas malawak na lipunan.

Sa bansang Pilipinas, isinagawa ang pag-aaral sa kung saan inilahad ni Tumabing (2023) na ang pagsulat ng editoryal ay isang pinabayaang genre sa mga pahayagan. Ipinakita ng pag-aaral na ito na may kakulangan sa pagpapahalaga at seryosong pagtrato sa pagsulat ng editoryal bilang isang mahalagang anyo ng pamamahayag. Sa isang pag-aaral sa ni Ragragio (2023), ipinakita ang mas kumplikadong aspeto ng pamamahayag sa digital na panahon, partikular sa paggamit ng vlogging upang i-mediya ang konsepto ng banal na populismo sa Pilipinas. Itinuro ng pag-aaral na ito ang pagiging bias at politikal na pagsuporta ng ilang mga editoryal at digital na sulatin na siyang nagiging sanhi ng paglihis sa layunin ng makatarungang pamamahayag. Habang

natuklasan sa pag-aaral ni Mangila (2021), na maraming mga mamamahayag sa ang nangangailangan ng mas mabuting kasanayan at pamamaraan upang maipahayag ang tunay na saloobin at mga isyung panlipunan sa publiko nang may integridad at hindi pagkiling. Ayon sa kanya, layunin nitong lawakan ang pag-unawa sa mga suliraning kinahaharap ng mga mamamahayag ukol sa paglikha ng malinaw at tapat na mensahe sa kanilang mga editoryal.

Sa lokal na konteksto ng Davao at mga karatig-rehiyon, ilang pag-aaral ang nagsiwalat ng magkakatulad na hamon na kinahaharap ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal. Ipinakita nina Dalisay et al. (2025) na ang mga mag-aaral sa ikalawang distrito ng Agusan del Sur ay nakararanas ng kakulangan sa kaalaman sa paksang isinusulat, kahirapan sa pagbuo ng pamagat, at suliranin sa kaayusan at kalinawan ng kanilang sulatin. Samantala, tinalakay nina Santos et al. (2025) ang karanasan ng mga batang mamamahayag sa Mindanao, kung saan lumitaw ang mga isyung tulad ng limitadong kaalaman sa paksa, kahinaan sa organisasyon ng ideya, at pagpili ng wastong salita sa editoryal. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Fernandez at Morales (2024) ang mga hamon sa paggamit ng wikang Filipino, partikular sa aspeto ng gramatika, estruktura ng pangungusap, at epektibong paggamit ng wika sa pagsulat.

Sa kabila ng patuloy na pagdami ng mga pananaliksik tungkol sa pamahayagang pangkampus, napansin ng mananaliksik na kakaunti o halos walang umiiral na pag-aaral na sumasalamin sa mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa Rehiyon XI, partikular sa kanilang paglalakbay mula sa pagkatalo tungo sa tagumpay sa mga patimpalak sa larangan ng pagsulat ng editoryal. Karamihan sa mga pag-aaral katulad ng kay Balinas et al., (2023) at Dipolog et al. (2025) ay nakatuon lamang sa mga hamon at kasanayan ng mga mag-aaral, ngunit hindi binigyang-diin ang papel ng pagkatalo bilang hakbang tungo sa tagumpay. Dahil dito, napagpasyahan ng mananaliksik na pagtutuunan ng pansin ang mga karanasan ng piling mag-aaral na mamamahayag na sumailalim sa mga patimpalak sa pamahayagang pangkampus partikular sa larangan ng pagsulat ng editoryal. Layunin ng pag-aaral na ito na ilahad kung papaano ang mga karanasang may kaugnayan sa pagkatalo ay naging mahalagang bahagi ng kanilang tagumpay sa larangang ito.

Ang mga mahahalagang natuklasan ng pananaliksik ay ibabahagi sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iba't ibang akademikong institusyon. Ang elektronikong kopya nito ay isusumite rin sa aklatan ng paaralang gradwado upang magamit bilang sanggunian ng mga susunod na mananaliksik. Higit pa rito, ito ay isasapubliko upang mas malawak ang distribusyon at paggamit ng mga impormasyong nakalap.

## LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pananaliksik na ito na ilahad at siyasatin ang mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag sa Rehiyon XI na lumahok sa mga patimpalak sa pagsulat ng editoryal, partikular na ang kanilang pag-unlad mula sa pagkatalo tungo sa tagumpay at kung paano nakatulong ang nararanasang mga pagsubok sa paglinang ng kanilang kakayahan, determinasyon, at tagumpay sa larangan ng pamahayagang pangkampus. Kaugnay nito, tatalakayin din ang mga hamon, saloobin, at estratehiyang ginamit ng mga mag-aaral sa mga patimpalak at ang epekto nito sa kanilang personal at akademikong pag-unlad. Inaasahang magiging gabay ang pag-aaral na ito para sa mga guro, tagapagsanay, at tagapayo sa pamahayagang pangkampus upang mas maunawaan at masuportahan ang mga mag-aaral sa kanilang paglalakbay tungo sa tagumpay.

## KATANUNGAN SA PANANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay naglalarawan sa iba't ibang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus partikular sa larangan ng pagsulat ng editoryal kung paano nila nalampasan ang mga karanasang ito upang magtagumpay, partikular na hinahangad na masagot ang sumusunod:

1. Ano ang naging karanasan ng mga mag-aaral sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus mula sa pagkatalo tungo sa tagumpay?
2. Paano nila napagtagumpayan ang mga hamon sa pagkatalo tungo sa tagumpay sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus?
3. Ano-ano ang pagkakatulad at pagkakaiba sa pagitan ng mga case unit?

## REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral na nagsisilbing pundasyon ng pananaliksik. Nilalayon nitong ilahad ang mga pangunahing konsepto, teorya, at natuklasan mula sa naunang mga pag-aaral na may kinalaman sa pamahayagang pangkampus partikular sa larangan ng pagsulat ng editoryal at sa karanasan ng mga mag-aaral na sumabak sa mga patimpalak na may kaugnayan dito. Ang mga literaturang ito ay sumasaklaw sa mga karanasang kaugnay ng pagkatalo, mga estratehiyang ginagamit upang mapagtagumpayan ang mga hamon, at ang papel ng self-efficacy sa pag-unlad ng kakayahan ng mga batang mamamahayag.

Layunin ng bahaging ito na palalimin ang pag-unawa sa konteksto ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga umiiral na kaalaman at pananaw ng mga dalubhasa at mananaliksik. Sa ganitong paraan mas mabibigyang-linaw ang konseptwal na batayan ng pag-aaral at mas magiging matibay ang interpretasyon sa mga datos na malilikom. Ang presentasyon ng mga literatura ay nakaayos batay sa temang may kinalaman sa paksa upang malinaw na masundan ang lohika ng pagtalakay.

### Pagpapaigting ng Pamahayagang Pangkampus

Ang pamahayagang pangkampus ay mahalagang bahagi ng edukasyon sa Pilipinas sapagkat naglilinang ito ng kritikal na pag-iisip, komunikasyon, at malikhaing pagsusulat ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik ni Dadayan (2021), ang pamamahayag ay patunay ng malayang pagpapahayag at mahalagang kasanayan sa mga lipunang demokratiko. Itinuturing din itong propesyonal na gawain ng pangangalap at pagpapahayag ng impormasyon sa

iba't ibang uri ng midya. Nananatiling masigla at aktibo ang pamahayagang pangkampus ayon kay Carbonilla (2021), sapagkat ito ay mahalagang bahagi ng buhay-akademiko ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng National Schools Press Conference (NSPC), nahuhubog ang kanilang kasanayan sa pagsulat, pag-uulat, at iba't ibang larangan ng pamamahayag. Dagdag pa rito, ipinahayag nina Dela Rosa et al. (2021) na ang pamahayagang pangkampus ay nagsisilbing plataporma ng personal at intelektuwal na pag-unlad ng mga kabataan at nagpapalalim ng pagpapahalaga sa etika at kalayaan ng pamamahayag.

**Karanasan at Hamon sa Pamahayagang Pangkampus**

Ang pamahayagang pangkampus ay may mahalagang papel sa pagpapahayag ng mga isyu at pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang paaralan at komunidad. Ipinahayag nina Lichtblau et al. (2023) na ito ay nagsisilbing boses ng kabataan sa mga usaping pang-edukasyon, pampulitika, at panlipunan na humuhubog sa kanilang kritikal na pag-iisip. Dagdag pa rito, ayon kina Chavez et al. (2024), ang pamahayagang pangkampus ay pundasyon ng pagkatuto at disiplina na umaabot lampas sa silid-aralan, bagaman nananatiling hamon ang presyur mula sa social media sa pagpapahayag at pagpapakita ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Tinalakay din na hindi ligtas sa mga pagsubok ang pamahayagang pangkampus sapagkat, ayon kina Caloc et al. (2023), madalas itong humaharap sa iba't ibang hamon sa operasyon at organisasyon. Isa sa mga pangunahing hadlang ay ang kakulangan sa pondo at kagamitan, na binigyang-diin ni Andreu (2023), dahil limitado ang budget ng mga paaralan para sa mga pahayagang pangmag-aaral. Pinagtibay pa ito ni Andriopoulos (2021) na nagsabing ang kakulangan sa teknolohikal na kagamitan at gabay mula sa mga guro ay nakahahadlang sa epektibong pagganap ng mga mag-aaral sa larangan ng pamamahayag.

Ang kakulangan sa pondo at kagamitan ay nananatiling malaking hamon sa pamahayagang pangkampus, gaya ng ipinakita sa pag-aaral ni Calub (2023) na naglalarawan ng mga balakid sa epektibong pamamahagi ng impormasyon at malayang pamamahayag sa mga paaralan. Dagdag pa rito, tinalakay rin ang paglaganap ng disimpormasyon at pekeng balita, kung saan sa pag-aaral nina Tejedor et al. (2021), natukoy na mas pinipili ng mga mag-aaral ang online media kaysa social media bilang sanggunian, at politika ang karaniwang paksa ng pekeng balita na may ideolohikal na motibo. Bilang tugon, binigyang-diin ng mga pag-aaral ang pagpapalakas ng media at news literacy upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng impormasyon at patuloy na isulong ang katotohanan at pagbabago sa kanilang komunidad.

Isa pang hamon sa pamahayagang pangkampus ay ang kakulangan ng seminar at pagsasanay para sa mga School Paper Adviser, ayon kay Alido (2020), na nagiging hadlang sa kanilang epektibong paggabay sa mga mag-aaral. Pinagtibay ito ng pag-aaral nina Cubillas et al. (2021) na nagsasabing ang kakulangan sa pondo ay naglilimita sa pagdalo ng mga tagapayo sa mga workshop at pagsasanay na mahalaga sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman. Dagdag pa rito, ayon kay Miranda (2023), karaniwang hamon din ang kakulangan ng kaalaman sa mga alituntunin ng paaralan, kakulangan ng pagsasanay dahil sa limitasyon ng oras at kawalan ng motibasyon. Kaya't iminungkahi na magsagawa ang mga paaralan ng serye ng pagsasanay at isali ang mga mag-aaral sa iba't ibang patimpalak upang mapalakas ang kanilang kumpiyansa at kasanayan sa pamamahayag. ilagay ang mga awtor sa gitna ng pahayag na kinapapalooban nito.

Ang mga naunang pag-aaral ay nagpapakita ng ugnayan ng mga kumperensya, mentoring, at pagsasanay sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral at pagpapalalim ng kanilang pagpapahalaga sa pamamahayag. Ayon nina Wismanto et al. (2023), mahalaga ang kaalaman sa pamamahayag at epektibong pagsulat ng balita upang makalikha ng makatarungan at makabuluhang nilalaman, na bahagi ng holistikong diskarte sa paghubog ng mga mag-aaral. Sa kabila ng mga ito, itinatampok nina Gallardo et al. (2022) ang kahalagahan ng pamahayagang pangkampus sa pagpapalakas ng kakayahan ng mga mag-aaral, dahil nakasalalay ang kalidad ng mga inilathalang artikulo sa kanilang mga kasanayan.

## METODO

**Disenyo ng Pananaliksik**

Kwalitatibo na pamamaraan ang gagamitin sa pananaliksik na ito sapagkat nilalayon ng mananaliksik na mailarawan at maisalaysay ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus mula sa pagkatalo tungo sa tagumpay partikular sa larangan ng pagsulat ng editoryal. Ang kwalitatibong pananaliksik ay naglilikom ng mga karanasan, pananaw at asal ng mga partisipante. Ito ay sumasagot sa tanong na paano at bakit sa pamamagitan ng isang open-ended na tanong. Ayon kay ang kuwalitatibong pananaliksik ay nakatuon sa mas malalim na pag-unawa sa karanasan ng mg kalahok at ang kalakasan nito ay nasa kakayahang ipaliwanag ang proseso at disenyo ng kilos na hindi gagamit ng numerong datos. Ang kuwalitatibong pag-aaral ay gagamitin bilang metodo sa pag-aaral. Sapagkat, sa pananaliksik ay kinakailangan lamang ng maliit na bilang ng mga partisipante na nakatuon lamang ang pagsisiyasat sa iba't ibang uri ng paksa na kaunti pang nasusuri.

## PARTISIPANTE NG PAG-AARAL

Ang limang partisipante ay pipiliin sa kanilang natatanging karanasan sa pamahayagang pangkampus, partikular sa larangan ng pagsulat ng editoryal. Ang bawat isa ay may iba't ibang antas ng tagumpay at karanasan: may nanalo sa kompetisyon, may naging regional schools press conference (RSPC) winner, at mayroon ding hindi nanalo sa huling pagsali. Sa ganitong paraan, mapapatunayan ang kanilang mga karanasan sa pamamagitan ng pag-iinterbyu sa kanila upang makuha ang mas malalim na pag-unawa at beripikasyon ng kanilang mga salaysay. Ang pagkakaroon ng iba't ibang kaso ay nagbibigay-daan upang

masuri ang penomenon mula sa iba't ibang anggulo at maipakita ang kabuuang larawan ng karanasan sa pagsulat ng editoryal.

Ang mga partisipante na ito ay limang (5) estudyanteng aktibong lumahok sa pamahayagang pangkampus sa iba't ibang dibisyon ng pampublikong paaralan sa Rehiyon XI, partikular sa mga lalawigan ng Davao de Oro, Davao City, Davao del Norte, at Davao del Sur. Ang pagpili ng isang (1) kalahok mula sa bawat dibisyon ay naglalayong matiyak ang pagkakaroon ng iba't ibang pananaw at karanasan na makapagbibigay ng mas malawak na pag-unawa sa larangan ng pagsulat ng editoryal.

Ayon sa mungkahi ni Creswell (2013), ang mainam na bilang ng mga kalahok sa isang kwalitatibong pag-aaral ay nasa pagitan ng tatlo (3) at labinlimang (15) partisipante, kaya ang pagpili ng limang (5) estudyante ay naaayon sa rekomendasyong ito. Sa pagkakaroon ng ganitong bilang ng kalahok sa isang kwalitatibong pananaliksik, mataas ang posibilidad na maabot ang *data saturation* sa proseso ng pangangalap ng datos.

Gagamitin sa pag-aaral ang maximum variation sampling, isang pamamaraan na karaniwang ginagamit sa kwalitatibong pananaliksik upang pumili ng mga kalahok na may malalim na kaalaman hinggil sa pagsulat ng editoryal at karanasan sa pamahayagang pangkampus. Layunin ng pamamaraang ito na matukoy ang mga mag-aaral na may natatanging karanasan sa propesyonal na pag-unlad sa larangang ito (Patton, 2002). Ang limang mag-aaral na pipiliin ay magsisilbing representasyon ng mga natatanging karanasan sa larangan ng pagsulat ng editoryal, mula sa pagkatalo tungo sa tagumpay.

## PAMAMARAAN SA PAGKUHA NG DATOS

Sa pag-aaral na ito, ang mga kalahok ang magsisilbing pangunahing pinagkukunan ng impormasyon. Ang proseso ng pangangalap ng datos ay magsisimula sa pagkuha ng pahintulot mula sa Dekana ng Graduate School ng UIC upang isagawa ang pananaliksik sa limang piling pampublikong paaralan sa Rehiyon XI. Matapos makamit ang sertipikasyon mula sa UIC-REC at ang apruba ng liham mula sa Dekano, magsusulat ang mananaliksik ng pormal na liham ng kahilingan para sa pahintulot sa mga punong-guro ng napiling mga paaralan. Sa sandaling maaprubahan ang mga ito, makikipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga itinalagang tagapagbantay o guro sa bawat institusyon upang tulungan ang maisagawa ang panayam sa mga kalahok at magbigay ng follow-up kung kinakailangan.

Pagkatapos makuha ang mga kinakailangang pahintulot, kabilang ang mula sa Tanggapan ng DepEd XI, isinagawa ang pagpapadala ng mga liham upang humingi ng pahintulot para sa pagsasagawa ng harapang panayam sa mga napiling estudyanteng mamamahayag. Pinili ang mga kalahok batay sa kanilang kasarian, edad, larangang kinabibilangan at paaralang pinagmulan. Layunin ng pamantayang ito na makapili ng mga kalahok na may iba't ibang karanasan at pananaw hinggil sa larangan ng pamahayagang pangkampus partikular s apagsulat ng editoryal. Bago isagawa ang panayam, nagsumite ng *informed consent form* sa iba't ibang paaralan bilang patunay ng kanilang kusang-loob na paglahok sa pag-aaral. Ang mga estudyanteng mamamahayag na lumahok ay pinili nang maingat batay sa itinakdang pamantayan ng mananaliksik at binigyan ng kalayaang magpasya kung nais nilang maging bahagi ng pananaliksik.

Ipaliliwanag ng mananaliksik sa mga magulang at mag-aaral ang layunin ng pag-aaral, ang nilalaman ng talatanungan na binubuo ng humigit-kumulang sa sampu (10) hanggang labing-limang (15) tanong at ang inaasahang panahon ng pagsagot na tinatayang aabutin ng 30 hanggang 45 minuto. Bago makibahagi ang mga mag-aaral, kinakailangang makuha ang nakasulat na pahintulot mula sa isa sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga sa pamamagitan ng paglagda sa *Informed Consent Form* (ICF). Kasunod nito, hihingin ang sariling pagsang-ayon ng mag-aaral gamit ang assent form upang matiyak ang boluntaryong partisipasyon. Matapos makuha ang kanilang pahintulot, ang panayam ay isasagawa at ire-record gamit ang audio para sa mas tumpak na dokumentasyon ng kanilang mga sagot.

Bibigyan ang bawat kalahok ng komprehensibong oryentasyon kung saan ipaliliwanag ang kanilang karapatan na umatras mula sa pag-aaral anumang oras nang walang anumang negatibong epekto sa kanilang pag-aaral o ugnayan sa paaralan. Hinihikayat din ang mga kalahok na magtanong o magbigay ng paglilinaw hinggil sa anumang bahagi ng talatanungan. Sa aktwal na proseso ng pagsagot, magiging katuwang ang mananaliksik upang magbigay ng gabay lalo na sa mga bahagi ng talatanungan na maaaring hindi malinaw sa mga kalahok, gaya ng mga terminolohiya o konteksto. Sisiguraduhin ng mananaliksik na hindi maaapektuhan o maimpluwensyahan ang mga sagot ng mga kalahok sa pamamagitan ng pagbibigay lamang ng halimbawa at klaripikasyon.

Sa proseso ng panayam, maaaring makaranas ang ilang kalahok ng bahagyang hindi komportableng damdamin tulad ng pagkalito, kaba, o pagka-inip lalo na sa mga sensitibong tanong o teknikal na bahagi ng paksa. Upang mabawasan ang mga ito, bibigyan ang mga kalahok ng sapat na oras upang mag-isip bago sumagot, kalayaan na huminto o magpahinga kung kinakailangan, at suporta mula sa mananaliksik na handang magbigay ng karagdagang paliwanag o paglilinaw. Isasaalang-alang din ng mananaliksik ang tamang paraan ng pakikipag-usap at mga tanong na angkop sa edad ng mga kalahok upang maging komportable sila at masigurong mauunawaan nila ang mga katanungan nang maayos. Gagamitin ng mananaliksik ang angkop na tono, lengguwahe, at pamamaraan na naaayon sa kanilang edad upang magaan sa mga kahalok ang pagsagot sa panayam na gagawin. Sisiguraduhin din na ang panayam ay isasagawa sa isang ligtas at pribadong lugar upang mapanatili ang kanilang kompidensyalidad at kapakanan.

Upang matiyak ang katumpakan at integridad ng datos, ang bawat panayam ay ire-record gamit ang audio at pagkatapos ay ite-transkrayb nang wasto. Ang transcript ng panayam ay ipapasa sa mga kalahok upang kanilang basahin at lagdaan bilang

pagtanggap na tama ang naitala nilang mga sagot (member checking). Ito ay bahagi ng transparency at pagpapatunay ng kredibilidad ng pananaliksik.

Mahigpit din na susundin ng mananaliksik ang mga probisyon ng Republic Act No. 10173 o Data Privacy Act of 2012. Ang lahat ng personal na impormasyon ay hindi isasama sa pagsusuri; ang mga talatanungan ay gagamitan ng mga koda o ID numbers bilang pampalit. Ang mga datos ay itatago sa isang password-protected na electronic file sa laptop ng mananaliksik, habang ang mga hard copy ay ilalagay sa isang locked cabinet. Ang mga impormasyon ay hindi ibabahagi sa mga taong hindi kasali sa pananaliksik at ito ay ligtas na itatapon o buburahin anim na buwan matapos ang pagsusuri, alinsunod sa etikal na patnubay ng UIC-REC.

## PAGSUSURI NG DATOS

Sa pag-aaral na ito, gagamitin ng mananaliksik ang tematikong analisis upang matukoy, masuri, at mailahad ang mga datos mula sa mga sagot ng mga kalahok. Ayon kay Creswell (2003), ang tematikong analisis ay isang sistematikong proseso ng pagsusuri upang lubos na maunawaan ang nilalaman ng mga tugon. Karagdagan pa rito, gagamitin din ang diskurso analisis upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga kalagayan at konteksto na nasa likod ng mga suliraning binanggit ng mga kalahok. Layunin ng pananaliksik na tukuyin ang iba't ibang pananaw at damdamin ng mga kalahok ukol sa kanilang mga karanasan, partikular sa mga hamon at tagumpay sa pamahayagang pangkampus.

Mahalaga rin ang tulong ng eksperto na may kaalaman sa pagproseso, pag-uuri, at pag-aayos ng malawak na datos, ayon pa rin kay Creswell (2003), upang matiyak ang maayos na pamamahala ng impormasyong makakalap. Kabilang sa prosesong ito ang sistematikong pangongolekta, pagbubuo, at pagbawas ng datos upang mas mailahad ito nang malinaw at organisado. Ang layunin ay makalikha ng masinsing interpretasyon na makatutulong sa mambabasa upang mas madali nilang maunawaan at makaugnay sa resulta ng pag-aaral. Sa ganitong paraan, mas magiging epektibo at makabuluhan ang kabuuang presentasyon ng pananaliksik.

## ETIKAL NA KONSIDERASYON

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagtataguyod ng mga pamantayang etikal sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagsusuri at pag-apruba ng University of the Immaculate Conception Research Ethics Committee (UIC-REC). Ang pananaliksik ay isusumite para sa etikal na ebalwasyon upang matiyak na ang mga pamamaraan at proseso ay sumusunod sa mga itinakdang alituntunin ng unibersidad, at upang maprotektahan ang karapatan, dignidad at kapakanan ng mga kalahok. Sa yugto ng pre-final ng pananaliksik, ilalahad ang Protocol Code bilang patunay ng pagsunod sa itinakdang proseso ng etikal na pagsusuri at bilang simbolo ng integridad ng pag-aaral.

Bilang mananaliksik, ako ay isang guro sa pampublikong paaralan na may digri sa antas ng undergraduate, dalubhasa sa asignaturang Filipino, at kasalukuyang kumukuha ng Doktor ng Pilosopiya sa Filipino. Ang aking karanasan sa pagtuturo, aktibong paglahok sa mga seminar, pagsasanay, at kumperensiyang may kaugnayan sa wika, pananaliksik, at pamahayagang pangkampus ay nagbibigay ng matibay na pundasyon sa pag-aaral na ito. Mahigpit din akong makikipagtulungan at makikipagkolaborasyon sa aking tagapayo at mga miyembro ng panel upang matiyak ang kredibilidad ng pagsusuri at interpretasyon ng mga datos. Dagdag pa rito, ang aking access sa mga pasilidad at mapagkukunang-yaman ng UIC tulad ng silid-aklatan, journal, tesis, disertasyon, at iba pang sanggunian ay magsisilbing mahalagang suporta upang maisakatuparan ang pananaliksik na may mataas na antas ng katumpakan, integridad at pagiging makatarungan.

## RESULTA

Propayl ng Partisipante

**Talahanayan 1**

Propayl ng mga Kalahok sa Masusing Panayam

| | **Case A** | **Case B** | **Case C** | **Case D** | **Case E** |
|---|---|---|---|---|---|
| Edad | 17 | 16 | 16 | 17 | 14 |
| Kasarian | Babae | Babae | Lalaki | Babae | Babae |
| Bilang ng taon sa pamahayagang pangkampus | 2 Taon | 1 Taon at mahigit | 3 Taon | 1 Taon at mahigit | 3 Taon |
| Baitang | Baitang – 12 | Baitang – 10 | Baitang – 11 | Baitang – 12 | Baitang - 9 |
| Koda/Alyas | M1 | M2 | M3 | M4 | M5 |

**Talahanayan 2**

Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsabak sa Pamahayagang Pangkampus mula Pagkatalo tungo sa Tagumpay

| **Mahahalagang Tema** | **Pangunahing Kaisipan** |
|---|---|
| | Ang unang pagkatalo ay nagbukas ng kamalayan na mas mahirap ang paligsahan kaysa inaasahan. |
| | Nabawasan ang tiwala sa sarili ngunit naging daan ito upang magpursige pa |
| | Ang kabiguan ay nagbigay ng mahahalagang aral tungkol sa disiplina at paghahanda |
| | Naging hamon ang pagkatalo na nagtulak sa mga kalahok na patuloy magsanay |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Kabiguan bilang Simula ng Pagkatuto | Ang unang kabiguan ay hindi naging wakas kundi isang "turning point." |
| | Sa kalaunan, naging pundasyon ito ng mga susunod na tagumpay. |
| Pagbangon at Pagpapatuloy | Sa kabila ng pagkatalo, patuloy ang pagsali sa training at kompetisyon. |
| | Lumakas ang determinasyon na patunayan ang sariling kakayahan. |
| | Naging inspirasyon ang naunang kabiguan upang magtagumpay sa susunod. |
| | Ang pagtanggap ng sariling kahinaan ay naging daan upang mapahusay ang kasanayan. |
| | Ang proseso ng pagbangon ay nagpatatag ng loob at pananampalataya sa sarili. |
| | Pinatunayan na ang pagbangon ay higit na mahalaga kaysa sa panalo agad. |
| Suporta at Inspirasyon Mula sa Iba | Ang guro o tagapayo ang nagsilbing pangunahing tagagabay sa pagsusulat at paghahanda. |
| | Ang pamilya ang nagbigay ng emosyonal na suporta sa gitna ng pagkatalo. |
| | Ang mga kaibigan at kapwa mamamahayag ay nag-angat ng loob sa panahon ng panghihina. |
| | Ang mga payo at pagbabahagi ng karanasan ng iba ay nagsilbing inspirasyon. |
| | Ang pagkilala sa kontribusyon ng mga kasama ay nagpatibay ng samahan. |
| | Ang inspirasyon mula sa mahal sa buhay (hal. ina, guro, kaibigan) ay naging motibasyon upang hindi sumuko. |
| Pagpupursige at Paghahanda | Mahabang oras ng pagsasanay at pagbabasa ang naging susi sa tagumpay. |
| | Paglahok sa mga journalympics, cluster-based training, at school-based training bilang paghahanda. |
| | Pagbabago ng writing style ayon sa feedback ng mga tagasuri. |
| | Ang pagpupursige sa kabila ng limitadong panahon ng paghahanda ay nagbunga ng tagumpay. |
| | Ang disiplina sa oras at pag-aaral ng iba't ibang anyo ng pagsusulat ay nagpahusay sa kakayahan. |
| | Ang kabiguan ay nagpatatag sa mentalidad na "mas kailangan ko pang magsikap." |
| Tagumpay Bilang Bunga ng Paglalakbay | Ang panalo ay hindi lamang tropeo kundi bunga ng prosesong pinagdaanan. |
| | Ang tagumpay ay nasusukat hindi lang sa ranggo kundi sa personal na paglago |
| | Ang bawat press conference ay pagkakataon para matuto at makihalubilo. |
| | Ang kabuuang karanasan ay nagturo ng halaga ng tiyaga at pagpapakumbaba. |
| | Ang paglalakbay mula kabiguan hanggang tagumpay ay nagbigay ng mas matibay na pagkatao. |
| | Ang tagumpay ay simbolo ng paniniwala sa sarili at ng hindi pagsuko sa mga pangarap. |

***Kabiguan bilang Simula ng Pagkatuto.***
Ang isyung ito ay makikita sa lahat ng mga kaso at nagbibigay-diin sa mga dahilan, hamon, at layunin na nag-udyok sa mga mag-aaral na gamitin ang kabiguan bilang hakbang tungo sa pagkatuto. Ipinapakita rin ng mga tugon ng bawat kalahok na ang bawat pagkatalo ay nagiging pundasyon ng kanilang pagkahilig at dedikasyon na magpatuloy sa proseso ng pag-aaral. Sa halip na tingnan ang kabiguan bilang wakas, malinaw na inilarawan nila ito bilang simula ng mas malalim na pag-unawa, paglinang ng kasanayan, at pagtitibay ng loob upang mas maging matagumpay sa hinaharap.

***Pagbangon at Pagpapatuloy.***
Ang ikalawang tema ay malinaw na lumabas mula sa mga tugon ng mga kalahok sa pag-aaral, kung saan ipinakita kung paanong ang malinaw na ang kabiguan ay hindi lamang nagdudulot ng panghihina ng loob, kundi ito rin ay nagsisilbing mahalagang hakbang tungo sa pagkatuto. Ang karanasan ng pagkatalo ay nagiging mitsa upang lumakas ang determinasyon, tanggapin ang sariling kahinaan, at paghusayin ang kasanayan. Sa halip na ituring na wakas, ang kabiguan ay naging simula ng mas matibay na pananampalataya sa sarili. Pinatunayan ng mga estudyanteng mamamahayag na higit na mahalaga ang proseso ng pagbangon kaysa sa agarang tagumpay, sapagkat dito nasusubok ang kanilang tibay, tiyaga, at dedikasyon sa pagpapatuloy.

***Suporta at Inspirasyon Mula sa Iba.***
Mahalagang bahagi ng paglalakbay ng mga kalahok ang suporta ng mga taong nakapaligid sa kanila. Ang paggabay ng guro o tagapayo ay nagsilbing direksiyon sa kanilang pagsusulat at paghahanda, habang ang pamilya naman ang naging sandigan sa emosyonal na aspeto, lalo na sa mga panahon ng pagkatalo. Gayundin, ang mga kaibigan at kapwa mamamahayag ay umalalay sa pamamagitan ng pag-angat ng loob sa oras ng panghihina. Ang pagbabahagi ng karanasan at mga payo mula sa iba ay hindi lamang nagsilbing inspirasyon, kundi nagpatibay rin ng kanilang samahan. Sa kabuuan, ang inspirasyon mula sa mga mahal sa buhay gaya ng guro, ina, o kaibigan ay nagsilbing matibay na motibasyon upang ipagpatuloy ang laban at huwag sumuko.

***Pagpupursige at Paghahanda.***
Ang tagumpay ng mga kalahok sa larangan ng pamamahayag ay hindi lamang nakabatay sa talento kundi higit sa lahat sa kanilang pagpupursige at maingat na paghahanda. Malaki ang naitulong ng iba't ibang pagsasanay at proyekto tulad ng Journalympics, cluster-based trainings at school-based trainings. Ang mga karanasang ito ay nagbigay ng kasanayan, disiplina at tiwala sa sarili na naging daan tungo sa kanilang tagumpay.

***Tagumpay Bilang Bunga ng Paglalakbay.*** Ang tagumpay sa larangan ng pamahayagang pangkampus ay hindi nasusukat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

lamang sa tropeo o ranggo. Ito ay bunga ng isang mahabang proseso ng pakikibaka, pagkatalo, pagkatuto at muling pagbangon. Sa bawat press conference, pagsasanay at kompetisyon natutunan ng mga kalahok na higit pa sa panalo ang kahalagahan ng tiyaga at paniniwala sa sariling kakayahan. Ang kanilang paglalakbay ay nagpatunay na ang tunay na tagumpay ay nakaugat sa personal na paglago at sa hindi pagsuko sa mga pangarap.

**Talahanayan 3**
Paraan kung paano napagtatagumpayan ang mga hamon sa pagkatalo tungo sa tagumpay sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus

| Mahahalagang Tema | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Pananampalataya sa Sarili at Pagtitiwala sa Guro | Pagpapanatili ng tiwala sa sariling kakayahan kahit sa harap ng pagkatalo |
| | Malaking papel ng mga tagapayo na nagtutulak at naniniwala sa potensyal ng mag-aaral |
| | Paggamit ng tiwala ng tagapayo bilang gabay upang magpatuloy |
| | Pananalig na kung saan ka inilagay ng guro ay kaya mong gampanan. |
| | Pagsuporta ng guro at paaralan sa pamamagitan ng paggabay at pagbibigay ng tiwala |
| | Pagpapatuloy ng pagsasanay at pagsusulat sa tulong ng inspirasyon mula sa guro. |
| Pagpupunyagi at Positibong Pag-iisip | Pagtitiyaga sa pag-eensayo upang mapabuti ang kasanayan sa pagsusulat. |
| | Pagiging masigasig at dedikado sa gawain kaysa sa pansariling gantimpala. |
| | Pagyakap sa kahinaan bilang motibasyon upang magsikap. |
| | Pagpapanatili ng positibong pananaw kahit sa gitna ng kabiguan. |
| | Pagkakaroon ng determinasyong hindi sumuko hanggang makamit ang tagumpay. |
| | Paggamit ng bawat pagkatalo bilang aral at hakbang patungo sa tagumpay. |
| Suporta ng Pamilya, Kaibigan, at Komunidad ng Paaralan | Moral na suporta mula sa pamilya na nagbigay ng lakas ng loob. |
| | Pag-angat ng loob ng mga kaibigan sa oras ng panghihina. |
| | Inspirasyon mula sa kapwa mamamahayag na nakaranas din ng parehong hamon. |
| | Pinansyal at teknikal na suporta ng paaralan (training, budget, resources). |
| | Pagbibigay ng oportunidad ng paaralan upang lumahok sa press conferences. |
| | Pagkakaroon ng pakiramdam ng pagiging bahagi ng pamilya sa organisasyon ng pamahayagan. |
| Pagbabago ng Isipan at Disiplina sa Paghahanda | Pagbabago mula sa negatibong mindset tungo sa positibo at realistiko |
| | Pagbawas ng labis na presyur sa sarili at mas pagbibigay-halaga sa proseso. |
| | Paglalaan ng oras araw-araw upang magsulat at magbasa ng artikulo. |
| | Pagbuo ng bagong estratehiya sa pagsasanay—pagtanggap ng puna, paggamit ng checklist |
| | Pagtanggap na may mas mahusay pa at paggamit nito bilang inspirasyon. |
| | Pagpapanatili ng consistency sa pagsasanay at pagdedesisyon na hindi bibitaw. |
| Pagpapanday ng Kasanayan sa Pagsusulat at Kritikal na Pag-iisip | Palagiang pagbabasa ng artikulo upang mapalawak ang kaalaman at ideya |
| | Pagsasanay sa pagsusulat na may takdang oras upang maging organisado at malinaw. |
| | Paghasa sa critical thinking skills para makagawa ng matibay na argumento. |
| | Pagkilala at pagtanggap ng puna bilang hakbang sa pagpapabuti. |
| | Pag-aaral mula sa estilo ng ibang mahusay na manunulat. |
| | Aktibong paglahok sa mga patimpalak upang masanay sa presyur at limitadong oras. |

***Pananampalataya sa Sarili at Pagtitiwala sa Guro.***
Ang temang ito ay lumabas mula sa patuloy na paniniwala ng mga kalahok sa kanilang sariling kakayahan kahit sa harap ng pagkatalo at sa malaking papel ng mga tagapayo na nagtutulak at naniniwala sa kanilang potensyal. Sa halip na sumuko, ginamit ng mga mag-aaral ang tiwala ng kanilang guro bilang gabay upang magpatuloy, kalakip ang pananalig na anumang tungkulin ang ibigay ng kanilang tagapayo ay kaya nilang gampanan. Dagdag pa rito, malinaw na ang suporta ng guro at paaralan sa pamamagitan ng paggabay at pagbibigay ng tiwala ay nakapag-angat ng loob at nagsilbing inspirasyon upang magpatuloy sa pagsasanay at pagsusulat.

***Suporta ng Pamilya, Kaibigan, at Komunidad ng Paaralan.***
Ang temang ito ay nabuo mula sa hangaring patuloy na umunlad sa kabila ng mga balakid na kinakaharap ng mga estuyanteng mamamahayag. Hindi lamang nakasalalay sa sariling pagsisikap ang kanilang tagumpay, kundi pinatitibay din ito ng suporta mula sa pamilya, kaibigan, at komunidad ng paaralan. Sa pamamagitan ng kanilang tulong at paggabay, napapalakas ang tiwala ng mga mag-aaral sa sarili at nagiging handa silang harapin ang anumang hamon. Ipinapakita nito na ang tagumpay ay hindi lamang bunga ng personal na pagsusumikap, kundi ng sama-samang pagkilos at pag-aaruga ng mga taong nakapaligid sa kanila.

***Pagbabago ng Isipan at Disiplina sa Paghahanda*.**
Ang temang ito ay nakabatay sa mga karanasan ng mga kalahok kung paano nila hinarap ang bigat ng pagkatalo at ginawang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

hakbang para mas mapaunlad ang kanilang sarili. Mula sa pagiging negatibo tungo sa mas positibong pag-iisip, mula sa labis na pagpipilit tungo sa mas maayos na pagtanggap sa proseso at mula sa panghihina tungo sa pagkakaroon ng disiplina makikita ang malinaw na pagbabago sa kanilang pananaw at paghahanda. Ipinapakita ng kanilang mga karanasan na hindi hadlang ang kabiguan, bagkus ito ang naging daan upang matutong tumayo muli, magsikap, at patuloy na lumaban.

***Pagpapanday ng Kasanayan sa Pagsusulat at Kritikal na Pag-iisip.*** Ang temang ito ay tumatalakay sa iba't ibang paraan kung paano pinanday ng mga kalahok ang kanilang kasanayan sa pagsusulat at kritikal na pag-iisip bilang mamamahayag. Hindi lamang ito tungkol sa pagkuha ng tamang impormasyon o pagbuo ng matibay na argumento kundi isang proseso ng patuloy na pagkatuto at paghasa ng sarili.

**Talahanayan 4**

Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsabak sa Pamahayang Pangkampus at kung paano Napagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagkatalo tungo sa Tagumpay.

| Mahahalagang Tema | Yunit ng Kaso | | Mga Puna |
|---|---|---|---|
| | Pagkakatulad | Pagkakaiba | |
| Karanasan ng mga mag-aaral sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus | | | |
| Kabiguan bilang Simula ng Pagkatuto | Case 2, Case 4, Case | | Ginawang inspirasyon at motibasyon ang sakit at hirap ng pagkatalo. |
| | | Case 1 | Nabuhayan muli dahil sa kaibigan at tiwala sa guro. |
| | | Case 5 | Ginawang inspirasyon ang masakit na salita ng ama, mas personal ang hugot. |
| Pagbangon at Pagpapatuloy | Case 2, Case 4, Case 5, Case 1 | | Nakatuon sa determinasyon at hindi pagbitiw hanggang makamit ang tagumpay. |
| | | Case 3 | Higit na nakatuon sa aktibong pag-ensayo at pagtatanong kaysa sa emosyonal na motibasyon. |
| Suporta at Inspirasyon Mula sa Iba | Case 1, Case 3, Case 2, Case 5 | | Malakas ang papel ng tagapayo sa pagbangon. |
| | | Case 4 | Pinakamalawak, sapagkat kasama ang pinansyal, komunidad, at pagkakabuo ng pamilyang-pamahayagan. |
| Pagpupursige at Paghahanda | Case 2, Case 3 | | Nakatuon sa pagbabasa ng mga artikulo bilang estratehiya. |
| | | Case 1 | Gumamit ng pagsasanay sa pagsusulat na may takdang oras at mga drill sa kritikal na pag-iisip |
| | | Case 4 | Malakas ang pagtutok sa pagtanggap ng puna at pag-iwas sa tukso ng AI. |
| | | Case 5 | Sistematikong araw-araw na ensayo at pakikilahok sa patimpalak. |
| Tagumpay Bilang Bunga ng Paglalakbay | Case 2, Case 5, Case 3 | | Mula sa pagkatalo, nagbunga ng panalo at malinaw na plano. |
| | | Case 1 | Natutong tanggapin na laging may mas magaling at maging kalmado. |
| | | Case 4 | Binigyang-diin ang pagiging palagian at disiplina kaysa sa mismong panalo. |
| Paraan kung paano napagtatagumpayan ang mga hamon | | | |
| Pananampalataya sa Sarili at Pagtitiwala sa Guro | Case 3, Case 4, Case 5 | | Malakas ang papel ng tagapayo bilang lakas. |
| | | Case 1 | Kaibigan at guro ang pinagsama bilang lakas. |
| | | Case 2 | Halos sariling determinasyon ang sentro, minimal ang guro. |
| Pagpupunyagi at Positibong Pag-iisip | Case 1, Case 4, Case 2, Case 5 | | Nakatuon sa masidhing hangarin, pagiging palagian, at dedikasyon. Nakaangkla sa positibong pananaw at pagtutok sa layunin |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | Case 3 | Kaalaman sa teknikal na pagsusulat ang mas binigyang halaga kaysa emosyon. |
| Suporta ng Pamilya, Kaibigan, at Komunidad ng Paaralan | Case 1, Case 3, Case 2, Case 5 | | Tagapayo ang pangunahing haligi. Pamilya, guro, at kapwa mamamahayag ang malakas na suporta. |
| | | Case 4 | Ang pinansyal, emosyonal, at pangkomunidad na suporta ang bumubuo ng mas malawak na dimension |
| Pagbabago ng Isipan at Disiplina sa Pagha handa | Case 1, Case 3, Case 4, Case 5 | | Mas positibong pananaw at pagtanggap ng pagkatalo. |
| | | Case 2 | Mas nakatuon sa kompetisyon at panalo kaysa sa simpleng proseso ng pagkatuto |
| Pagpapanday ng Kasanayan sa Pagsusulat at Kritikal na Pag-iisip | Case 2, Case 3 | | Pananaliksik at pagbabasa ang sentro ng kanilang pag-unlad |
| | | Case 1 | Mga pagsasanay sa mapanuring pag-iisip |
| | | Case 4 | Pag-iwas sa labis na paggamit ng AI, sariling pagsulat na pinangungunahan ng sarili |
| | | Case 5 | Sistematikong araw-araw na ensayo at pagsali sa patimpalak. |

**Kabiguan bilang Simula ng Pagkatuto.**
Sa usapin ng matinding pagnanais para sa pagsulat, 3 mamamahayag (halimbawa: 2, 4, at 3) ang tumingin sa pamahayagang pangkampus bilang daan upang mapalago ang kanilang talento at makapag-ambag sa pagbibigay-kaalaman sa kapwa mag-aaral. Ang kanilang pananaw ay nagpapakita ng iisang opinyon tungkol sa pamamahayag—na ito ay hindi lamang simpleng gawaing pang-akademiko kundi isang kasanayang makatutulong upang matupad ang kanilang mga pangarap bilang mambabasa, manunulat, at responsableng mamamayan. Para sa tatlong kasong ito, ang pamahayagan ay naging pagkakataon upang mahasa ang kanilang kakayahan at magkaroon ng tiwala sa sarili. Bagama't naiiba ang naging karanasan ng dalawang kalahok, mas kapansin-pansin ang paglalakbay ni M1 sapagkat nagsimula siya nang walang sapat na karanasan sa pagsusulat. Gayunpaman, ang kanyang pagpupursige ang nagbukas ng pinto para unti-unting mapaunlad ang kanyang kakayahan at maunawaan ang tunay na diwa ng pamamahayag. Samantala, natatangi naman ang karanasan ni M5 dahil sa kanyang pagkamahiyain; sa pamamagitan ng pagsali sa pamahayagang pangkampus, natutuhan niyang ipahayag ang kanyang ideya at lakasin ang kanyang boses bilang kabataan.

**Pagbangon at Pagpapatuloy.**
Ang apat na mga kaso: 1,2,4 at 5 ay may iisang impresyon na nakatuon sa determinasyon at hindi pagbitiw hanggang makamit ang tagumpay. Sa kabila ng magkakaibang pinagmulan ng kanilang karanasan, makikita na sina M1, M2, M4, at M5 ay nagkakaisa sa paniniwala na ang kabiguan ay hindi dapat maging katapusan. Bagkus, ito ay daan tungo sa muling pagbangon at pagpapatuloy hanggang makamit ang tagumpay. Ang kanilang determinasyon ay nagsilbing gabay upang malagpasan ang mga hadlang na dala ng pagkatalo. Habang si M3 naman ay higit na nagsalalay sa disiplina ng pagsasanay at pag-aaral. Binigyang diin nito ang aktibong pag-eensayo at pagtatanong kaysa sa emosyonal na motibasyon.

**Suporta at Inspirasyon mula sa iba.**
Malinaw sa mga pahayag ng mga kalahok na malaki ang naging papel ng suporta ng mga guro, pamilya, at kaibigan sa kanilang muling pagbangon at pagpapatuloy bilang mga mamamahayag. Ang kanilang mga testimonya ay nagpapakita na ang pagkatalo ay nagiging mas magaan at mas madaling mapagtagumpayan kapag may kasama at tagapag-gabay na handang magbigay ng lakas ng loob. Para kina M1, M2, M3, at M5, nangingibabaw ang papel ng mga guro at kaibigan bilang pangunahing tagapayo at tagasuporta sa kanilang pagpapatuloy. Sa kanila, malinaw na ang paggabay ng isang tagapayo ay nakapagbubukas ng pagkakataon upang matutunan ang tamang diskarte at magkaroon ng kumpiyansa sa sariling kakayahan. Habang ang karanasan ni M4 ang natatangi dahil sa mas malawak na anyo ng suportang kanyang naranasan hindi lamang mula sa indibidwal kundi mula rin sa pamilya, mga kaibigan, at mismong organisasyon ng pamahayagang pangkampus.

**Pagpupursige at maingat na paghahanda.**
Ang nagsilbing sandigan upang magpatuloy ang mga estudyanteng mag-aaral sa larangan ng pamahayagang pangkampus. Ang kanilang mga karanasan ay nagpapakita na ang tagumpay ay hindi nakabatay lamang sa talento kundi higit sa lahat sa disiplina, pagsasanay, at patuloy na paghasa ng sariling kakayahan. Para kina M2 at M3, nangingibabaw ang papel ng pagbabasa ng mga artikulo at aktibong pagsasanay sa iba't ibang antas ng kompetisyon bilang estratehiya. Pinatibay ng mga pagsasanay na ito ang kanilang pundasyon sa pagsusulat at nagbigay ng karanasan na naging puhunan sa mas mataas na

kompetisyon. Sa kabilang banda, ang mga karanasan nina M1, M4, at M5 ay nagpapakita ng iba't ibang anyo ng paghahanda: mula sa sistematikong time-bound drills ni M1, sa pagtanggap ng puna at integridad ni M4, hanggang sa araw-araw na ensayo at disiplina ni M5.

**Tagumpay bilang bunga ng paglalakbay.**
Nakatuon ang temang ito sa tatlong mamamahayag (2, 5, 3) na may parehong mga tugon malinaw ang siklo ng paglalakbay mula sa pagkatalo tungo sa tagumpay. Ginawa nilang inspirasyon ang mga karanasan upang bumuo ng malinaw na plano at magpatuloy sa pag-eensayo at pagpapahusay ng kanilang sarili. Samantala, si M1 ay nakatuon sa pagtanggap at pagiging kalmado natutunan niyang laging may mas magaling at mas mahalaga ang proseso at aral kaysa presyon ng panalo. Habang si M4 naman ay nakapokus sa pagiging palagian, disiplinado, at sa kabuuang pagkabuo ng sarili bilang mamamahayag kaysa sa mismong tropeo. Sa kanilang lahat, lumabas na ang tagumpay ay hindi lamang ang premyo kundi ang kabuuang paglalakbay na humuhubog sa kanila bilang mga estudyanteng mamamahayag.

**Paraan kung Paano Napagtagumpayan ang mga Hamon**.
Sa usapin ng *pananampalataya sa sarili at pagtitiwala sa guro*, ang tatlong mamamahayag (3, 4, at 5) ay may pagkakapareho sa kanilang pananampalataya sa sarili at pagtitiwala sa guro upang magtagumpay. Para kina M3, M4, at M5, nangingibabaw ang papel ng kanilang tagapayo bilang inspirasyon at gabay sa pagpapatibay ng kanilang kakayahan. Ang mga guro ang nagsilbing lakas na nagtulak sa kanila upang magtiwala sa sarili at mas magsikap. Ang kay M1 ay natatangi dahil pinagsama niya ang suporta ng guro at kaibigan bilang pinagmumulan ng lakas. Samantala, si M2 ay nakapokus halos sa sariling determinasyon at personal na pananampalataya sa sarili kaysa sa gabay ng iba.

**Pagpupunyagi at positibong pag-iisip.**
Ipinakita ng pagsusuri na ang apat na mamamahayag (1, 4, 2, at 5) ay nagbunga ng halos magkakatulad na resulta batay sa pagpupunyagi at pagpapanatili ng positibong pananaw sa kabila ng mga hamon sa pamahayagang pangkampus. Ipinapakita ng kanilang karanasan na ang masidhing hangarin, pagiging palagian at dedikasyon sa pagsusulat ang nagsilbing puhunan upang manatiling nakatindig sa kabila ng kabiguan at pagod.Sa kabilang banda, malinaw na naiiba si M3 sapagkat mas binibigyang-diin niya ang teknikal na kaalaman sa pagsusulat bilang pangunahing sandigan, imbes na ang emosyonal na motibasyon. Ito ay nagpapakita na bagama't iba-iba ang pinagmumulan ng lakas ng loob, parehong nagiging epektibong hakbang ang alinman sa teknikal na kasanayan o positibong pananaw upang mapagtagumpayan ang mga hamon ng isang estudyanteng mamamahayag.

**Suporta ng pamilya, kaibigan at komunidad ng paaralan.**
Apat na mamamahayag (M1, M3, M2, M5) ay nagpakita ng halos na magkatulad na tugon na mahalagang bahagi ng tagumpay ng mga mag-aaral sa larangan ng pamahayagang pangkampus ay ang matibay na suporta mula sa kanilang pamilya, kaibigan, guro at maging ng mismong institusyong kinabibilangan nila. Sa mga salaysay ng mga kalahok, malinaw na ang pagkakaroon ng matatag na pundasyon ng suporta ay nakapagbigay sa kanila ng lakas ng loob, kumpiyansa at higit na motibasyon upang ipagpatuloy ang kanilang paglalakbay bilang mga batang mamamahayag. Natatangi ang karanasan ni M4 sapagkat mas malawak ang kanyang naranasang suporta hindi lamang sa aspeto ng emosyonal at akademikong paggabay kundi pati na rin sa pinansyal at komunal. Sa kanyang naratibo, ang pamahayagang pangkampus ay hindi lamang isang samahan kundi isang pamilya na nagbibigay ng malalim na koneksyon at pagkakaisa.

**Pagbabago ng isipan at disiplina sa paghahanda.**
Matapos ang kanilang mga pagkatalo ipinakita ng apat na mamamahayag (M1, M3, M4, at M5) ang kanilang mga salaysay na ang kabiguan ay hindi lamang hadlang kundi nagsilbing daan upang magkaroon sila ng mas positibong pananaw, pagtanggap sa sarili, at higit na pagtuon sa proseso ng pagkatuto. Sa kabilang banda, kakaiba naman ang pananaw ni M2 sapagkat higit siyang nakatuon sa kompetisyon at tagumpay imbes na sa pagbabago ng pananaw at disiplina sa proseso ng pagkatuto.

**Pagpapanday ng kasanayan sa pagsusulat at kritikal na pag-iisip.**
Dalawang mamamahayag (M2, M3) ay nagkakatulad dahil sa kanilang pagtutok sa pagbabasa at pananaliksik bilang pangunahing estratehiya. Gayundin, ang lahat ng kalahok ay nakatuon sa pagpapalakas ng kanilang kasanayan sa pagsusulat at kritikal na pag-iisip bilang paghahanda sa kanilang mga laban sa larangan ng pamahayagang pangkampus. Naiiba si M1 dahil nakatuon siya sa sistematikong pagsasanay sa mapanuring pag-iisip at paggamit ng oras. Samantalang si M4 ay mas binibigyang-halaga ang sariling pagsusulat at pag-iwas sa tukso ng AI. Si M5 naman ay may malinaw na sistematikong estratehiya ng araw-araw na ensayo at aktibong paglahok sa patimpalak.

## DISKUSYON

**Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsabak sa Pamahayagang Pangkampus mula Pagkatalo tungo sa Tagumpay**
Ang mga karanasan ng mga mag-aaral sa pagsabak sa pamahayagang pangkampus ay nagbunga ng mahahalagang tema. Ang unang tema ay *kabiguan bilang simula ng pagkatuto.* Ipinakita ng mga karanasan ng mga mag-aaral na mamamahayag na ang pagkatalo ay hindi wakas, kundi simula ng mas malalim na proseso ng pag-unlad. Sa halip na panghinaan ng loob, ginamit nila ang karanasang ito upang suriin ang sariling kakulangan at paghusayin ang kasanayan sa pamamahayag. Ang ganitong pananaw ay sumasang-ayon sa argumento nina Alfaro at Protacio (2023) na ang kabiguan ay hindi dapat ituring na tanda ng pagsuko, kundi isang *redirection* o pagbabago ng direksyon na nagbubukas ng mga bagong oportunidad para sa pagkatuto at pag-unlad. Pinagtitibay nito ang resulta ng pag-aaral na nagpapakita kung paanong ginamit ng mga partisipante ang pagkatalo bilang sandigan upang magpatuloy at higit na pagbutihin ang kanilang sarili.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Ang ikalawang tema ay pagbangon at pagpapatuloy.* Ipinapakita nito na ang pagbangon mula sa mga pagkatalo ay isang mahalagang yugto sa paglalakbay ng bawat estudyanteng kalahok sa pag-aaral na ito. Hindi lamang ito salaysay ng pagharap sa kabiguan, kundi pati na rin ng katatagan, determinasyon, at patuloy na pagsisikap na siyang nagbubunsod sa pag-unlad. Ginamit ng mga kalahok ang kanilang mga karanasan ng pagkatalo bilang inspirasyon at motibasyon upang paghusayin ang kanilang kakayahan at magtagumpay sa hinaharap. Kaugnay nito, ipinahayag ni Bandura (2021) na ang self-efficacy o paniniwala sa sariling kakayahan ay may mahalagang papel sa pagbangon mula sa kabiguan sapagkat ito ang nagsisilbing pundasyon ng pagpapatuloy ng pagsisikap.

*Ang ikatlong tema ay suporta at inspirasyon mula sa iba.* Lumabas sa mga salaysay ng mga kalahok na ang pagkakaroon ng mga taong gumagabay at nagbibigay ng lakas ay may malaking ambag sa kanilang pag-unlad bilang mga mamamahayag sa kampus. Ayon kay Lagata (2024), ang malinaw na pagtuturo at patnubay mula sa mga guro ay mahalaga upang mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat. Ang ganitong uri ng paggabay ay hindi lamang nagpapanatili ng kalidad ng kanilang mga gawa, kundi nagiging daan din sa paghubog ng disiplina, tiwala sa sarili, at kasanayan sa kritikal na pag-iisip mga katangiang malinaw na lumitaw sa karanasan ng mga kalahok sa pag-aaral na ito.

*Ang ikaapat na tema ay pagpupursige at paghahanda.* Ang pagpupursige at masusing paghahanda ay itinuturing na mga susi para sa tagumpay ng mga mag-aaral na mamamahayag sa harap ng mga hamon. Sa kanilang patuloy na pagsasanay, pagbabasa, at paglahok sa mga paligsahan tulad ng Journalympics, cluster-based training, at school-based training, nakuha nila ang sapat na kasanayan at kumpiyansa upang maipakita ang kanilang kakayahan sa pamamahayag, ayon kay Pacaldo (2019). Ang mga karanasang ito ay kaakibat ng resulta ng pag-aaral na nagpapakita na ang paglahok sa iba't ibang pagsasanay ay nakatutulong sa paghubog ng kasanayan, kumpiyansa, at disiplina ng mga kalahok.

*Ang ikalimang tema ay tagumpay bilang bunga ng paglalakbay.* Ang tagumpay ay hindi lamang produkto ng isang pagkakataon kundi bunga ng mahabang proseso ng pagsisikap, pagkatuto, at pagharap sa mga hamon. Hindi lamang ang tropeo ang sukatan ng tagumpay kundi ang personal na paglago at pagbabago ng pananaw ng bawat mag-aaral na mamamahayag. Ayon kay Martinez (2020), ang bawat karanasan ay nagsisilbing hakbang sa pagkilala sa sariling kakayahan at sa pagpapakita ng tunay na husay sa larangan. Ang kaisipang ito ay malinaw na sumasalamin sa resulta ng pag-aaral na nagpapakita na ang mga kalahok ay hindi lamang nakamit ang tagumpay sa anyo ng parangal, kundi mas nakamit nila ang paghubog ng pagkatao at kasanayan bilang bunga ng kanilang karanasan.

**Paraan kung paano Napagtagumpayan ang mga Hamon sa Pagkatalo tungo sa Tagumpay sa Pagsabak sa Pamahayagang Pangkampus**

Ang unang tema ay *pananampalataya sa sarili at pagtitiwala sa guro.* Ang pagpapanatili ng tiwala sa sariling kakayahan, kahit sa harap ng pagkatalo ay isang mahalagang aspekto ng pag-unlad ng mga mag-aaral na mamamahayag. Sa ganitong diwa, naniniwala sila na ang pagkakatalaga ng guro sa kanila sa kanilang mga tungkulin ay patunay ng kanilang kakayahan na gampanan ang mga ito nang maayos. Batay dito, sa pahayag ni Del Mundo (2021), ang pananalig sa sarili ay nagiging pundasyon ng kanilang determinasyon. Kaya naman, nahuhubog ang kanilang katatagan at kumpiyansa sa sarili.

Ang ikalawang tema ay *pagpupunyagi at positibong pag-iisip.* Ang pagpupunyagi at positibong pag-iisip ay dalawang mahalagang katangian na nagbubunsod ng tagumpay sa anumang larangan, kabilang na ang pamamahayag. Sa katunayan, ayon kay Quimpo (2022), ang masigasig at dedikadong pag-aaral ay higit na mahalaga kaysa pansariling gantimpala. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasanay, naipapamalas ng mga mag-aaral na mamamahayag ang kanilang pagnanais na umunlad sa larangan ng pamamahayag.

Ang ikatlong tema ay *suporta ng pamilya, kaibigan at komunidad ng paaralan.* Ang moral na suporta mula sa pamilya ay nagsilbing mahalagang lakas ng loob para sa mga mag-aaral na mamamahayag. Ayon kay Flor et al. (2024), ang bukas na komunikasyon at pag-unawa ng pamilya ay nagbibigay ng emosyonal na proteksyon na nagsisilbing pundasyon sa pagharap sa mga hamon. Dahil dito, nagiging mas matatag ang loob ng mga mag-aaral na mamamahayag sa kanilang paglalakbay.

Ang ikaapat na tema ay *pagbabago ng isipan at disiplina sa paghahanda*. Ang pagbabago mula sa negatibong pag-iisip tungo sa positibo at realistiko ay mahalaga para sa pag-unlad ng mga mag-aaral na mamamahayag. Ayon kay Balčytienė (2025), ang pagyakap sa prosesong ito ay nagbibigay-daan upang maabot nila ang kanilang buong potensyal sa kabila ng mga hamon. Sa ganitong paraan natututo silang iwasan ang labis na presyur sa sarili at magbigay-halaga sa bawat hakbang ng kanilang paglalakbay.

Ang ikalimang tema ay *pagpapanday ng kasanayan sa pagsusulat at kritikal na pag-iisip.* Ang palagiang pagbabasa ng mga artikulo ay isang mahalagang gawain upang mapalawak ang kaalaman at ideya ng mga estudyante sa pamamahayag. Ayon kay Martinez (2018), ang malawak na pagbasa ay nagbubukas ng mas malalim na pag-unawa sa iba't ibang paksa at istilo ng pagsulat. Sa ganitong paraan, mas nagiging handa sila sa paggawa ng mga orihinal na artikulo na may kalidad.

**Pagkakatulad at Pagkakaiba ng mga Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsabak sa Pamahayagang Pangkampus at Napagtagumpayang mga Hamon sa Pagkatalo tungo sa tagumpay**

Karanasan ng mga Mag-aaral sa Pagsabak sa pamahayagang Pangkampus. Ipinapakita ng mga kaso nina M2, M3, at M4 na ang kanilang mga pagkatalo ay nagsilbing inspirasyon at motibasyon upang higit pang magsumikap at matuto. Ayon kay Dweck (2019), ang pagkakaroon ng growth mindset o paniniwala na ang kabiguan ay pagkakataon para sa pag-unlad ay isang mahalagang salik sa pag-abot ng tagumpay ng mga mag-aaral. Ang pananaw na ito ay malinaw na makikita sa resulta ng pag-aaral, kung saan ang kabiguan ay naging daan upang mahasa ang disiplina, pagnanais matuto, at tiwala sa sarili ng mga batang mamamahayag.

Ang tema ng *Pagbangon at Pagpapatuloy* ay maliwanag sa mga kwento nina M2, M4, M5, at M1, na nagsasabing ang kanilang determinasyon at hindi pagbitiw ang naging susi upang makamit ang tagumpay sa larangan ng pamamahayag. Ang pagkatalo ay naging mahalagang leksiyon na nagturo sa kanya na huwag itaas nang sobra ang inaasahan lalo na sa mga paligsahang hindi matukoy ang magiging kalakaran, na maaaring magdulot ng matinding presyur at hadlang sa pag-unlad ayon kay Morales & Santos (2023). Ginamit niya ang karanasan upang pagbutihin ang sarili sa susunod na pagsubok.

Ang temang *suporta at inspirasyon mula sa iba* ay malinaw na naipakita sa mga karanasan nina M2, M4, M5, at M1, na nagpatunay na ang determinasyon at hindi pagbitiw ang naging daan upang makamit ang tagumpay sa larangan ng pamamahayag. Ipinahayag ni M1 na ang pagkatalo ay nagsilbing aral na nagturo sa kanya na huwag magtaas ng labis na inaasahan sa mga patimpalak na may hindi tiyak na kalakaran, na nagiging sanhi ng presyur at hadlang sa pag-unlad ayon kina Morales at Santos (2023). Ginamit niya ang karanasan upang higit pang pagbutihin ang sarili at paghandaan ang mga susunod na hamon.

Ang temang *pagpupursige at paghahanda* ay lumilitaw sa mga kwento nina M2 at M3 ang pagkakatulad na nakatuon sila sa pagbabasa ng mga artikulo bilang estratehiya sa pagpapalawak ng kanilang kasanayan sa pamamahayag. Ayon sa pag-aaral ng Asian Journal of Humanities and Social Sciences Research (2024), ang pagsusuri at pagbabasa ng mga artikulo ay isang mahalagang hakbang upang mas mapalawak ang pag-unawa at interpretasyon ng mga balita at impormasyon.

Ang temang *tagumpay bunga ng paklalakbay* ay ipinapakita sa mga kwento nina nina M2, M3, at M4, makikita na ang kanilang mga pagkatalo ay nagsilbing inspirasyon upang mas magsumikap at magpatuloy sa kanilang pag-aaral. Ayon sa pag-aaral ni Santos (2020), ang paniniwala na ang kabiguan ay bahagi ng pag-unlad ay mahalaga sa pagsulong ng estudyante.

*Paraan kung Paano Napagtagumpayan ang mga Hamon.* Ang temang *pananampalataya sa sarili at pagtitiwala sa guro* ay malinaw na parehong naipakita sa mga kwento ng tatlong kaso nina M3, M4 at M5, na may dalawang mahalagang aspekto na nagiging pundasyon ng tagumpay ng mga mag-aaral sa akademikong larangan. Sa mga pahayag nina M3, M4, at M5, makikita ang malakas na papel ng tagapayo bilang lakas at gabay sa kanilang pag-aaral. Tulad ng ipinapakita sa pag-aaral ng Miao et al. (2025), ang mentoring at maayos na paggabay ng guro ay nagpapalakas ng self-efficacy at determinasyon ng mga estudyante. Pinananatili nitong mataas ang kanilang kumpiyansa upang harapin ang mga hamon sa pagkatuto.

Ang temang *pagpupunyagi at positibong pag-iisip* ay napakahalaga, ipinakita ng apat na kaso nina M1, M4, M2, M5 ang kahalagahan ng masidhing hangarin (passion), pagiging palagian at dedikasyon sa pagtahak ng landas tungo sa tagumpay. Ang kanilang pananaw ay nakaangkla sa positibong pag-iisip at matibay na pagtutok sa layunin, isang mahalagang aspeto na pinapakita bilang susi sa patuloy na paghahangad ng tagumpay. Ang pananaw na ito ay sumasalamin sa pag-aaral ni Prescott (2021) na nagsasabing ang matibay na paninindigan at dedikasyon ay mahalaga upang magtagumpay sa kabila ng mga hamon.

Ang temang *suporta sa pamilya, kaibigan at komunidad ng paaralan* ay sadyang mahalaga, ito ay pinatitibay ng mga apat na kaso nina M1, M3, M2, M5, na pagharap sa mga hamon at pagkatalo, napakahalaga ang matibay na suporta ng pamilya, mga kaibigan at komunidad ng paaralan upang magtagumpay sa larangan ng pamamahayag sa pamahayagang pangkampus. Ang pinansyal at moral na tulong ng paaralan at pagkakaroon ng mga kapwa mag-aaral bilang mga kaibigan ay nagpapatibay ng kanilang loob upang magpatuloy sa pag-aaral at paglinang ng kasanayan. Sa pananaliksik nina Montilla et al. (2019) at Aquino et al. (2022), napagtanto na ang integradong suporta mula sa pamilya at komunidad ay mahalaga upang mapanatili ang positibong pananaw at determinasyon ng mga mag-aaral.

Ang temang *pagbabago ng isipan at disiplina sa paghahanda* ay pinatitibay ng apat na kaso nina M1, M3, M4, M5 ang mahalagang papel ng pagbabago ng isipan patungo sa mas positibong pananaw, pagtanggap sa pagkatalo, at disiplina sa paghahanda bilang mga susi sa tagumpay sa larangan ng pamamahayag sa pamahayagang pangkampus. Ito ay pinapalawig sa pag-aaral nina Alfaro et al., (2025) na nagpapakita kung paano ang mundo ng mga kampus na mamamahayag ay nagbabago at lumalawak sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan sa larangan ng pamamahayag, na nagtutulak sa kanila upang maging mas matatag, responsableng mamamahayag na nakatuon sa patuloy na pag-aaral at pag-unlad.

Ang temang *pagpapanday ng kasanayan sa pagsusulat at kritikal na pag-iisip* ay ipinakita sa dalawang kaso nina M2, M3 ang sentro ng kanilang pag-unlad ay nakabase sa pananaliksik at pagbabasa. Pinatibay sa pag-aaral ni Deane et al. (2018) na naglalahad na ang mahusay na pagsusulat ay nangangailangan ng balanseng pagsasanay sa bilis ng pagsulat at ang malalim na pag-

unawa sa paksa, kung saan ang maayos na pamamahala sa oras ay nakatutulong upang mapabuti ang kalidad ng teksto at maging mas epektibo sa paglalahad ng mga ideya.

## IMPLIKASYON SA MGA GAWAING PANG-EDUKASYON

Ang mga resulta ng pag-aaral hinggil sa mga mag-aaral na mamamahayag ay naglalaman ng mahahalagang implikasyon para sa larangan ng edukasyon, partikular sa pagtuturo at pagsasanay sa larangan ng pamahayagang pangkampus. Ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng *learner-centered* na pamamaraan sa pagtuturo ay mahalaga upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan, antas ng kasanayan, at karanasan ng mga mag-aaral sa pagsusulat. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng pag-aaral ang kahalagahan ng suporta mula sa mga tagapayo at kapwa mag-aaral. Ang *peer collaboration,* paggabay at pagkakaroon ng ligtas na lugar para sa malayang pagpapahayag at talakayan ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kasanayan sa pagsusulat at sa pagpapaunlad ng kumpiyansa ng mga mag-aaral. Mahalaga ring isaalang-alang ang pagpapalakas ng mga kasanayang pambuhay (life skills) ng mga mag-aaral, tulad ng epektibong komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at kakayahang lutasin ang mga problema. Bilang karagdagan, nakita rin ng pag-aaral ang pangangailangan ng mas mabisang pagsasanay at patuloy na propesyonal na pag-unlad ng mga guro at tagapayo. Ang pagkakaroon ng sapat na pondo, maayos na programa sa pagsasanay, at mga patakarang sumusuporta sa kalidad ng edukasyon ay makatutulong upang mapatatag ang sistemang naglilinang sa kakayahan ng mga kabataang mamamahayag. Panghuli, ang mga implikasyong ito ay nagbubukas ng panibagong pananaw para sa mga edukador, administrador, at tagapagbuo ng polisiya na higit na bigyang-pansin ang kabuuang pag-unlad ng mga mag-aaral sa pamahayagang pangkampus.

## MGA REKOMENDASYON PARA SA HIGIT PANG PANANALIKSIK

Ang mga karagdagang pag-aaral hinggil sa larangan ng pamahayagang pangkampus ay dapat tumuon sa ilang mahahalagang direksyon ng pananaliksik upang higit pang mapalalim ang pag-unawa sa karanasan, kasanayan at pag-unlad ng mga mag-aaral na mamamahayag. Una, mahalagang magsagawa ng mas malawak at komparatibong pag-aaral na sumasaklaw sa iba't ibang unibersidad at kolehiyo mula sa iba't ibang rehiyon. Buko dito, makabubuting siyasatin ang epekto ng teknolohiya at social media sa pamahayagang pangkampus. Dahil sa mabilis na pagbabago sa larangan ng *digital communication*, nagbabago rin ang paraan ng pagsulat, pagbabahagi ng impormasyon, at pakikipag-ugnayan ng mga kabataan. Mainam ring na pagtuunan ng susunod na pag-aaral ang papel ng paggabay at mga programang sumusuporta sa mga estudyanteng na mamamahayag. Gayundin, mahalaga ring tuklasin ang ugnayan ng *emotional intelligence at mental health* sa pagganap ng mga mag-aaral sa pamahayagang pangkampus. Higit sa lahat, maaaring isaalang-alang ng mga susunod na mananaliksik ang paggamit ng mixed-methods na disenyo upang pagsamahin ang kwantitatibo at kwalitatibong datos sa pagsusuri ng mga karanasan ng mga mag-aaral at tagapayo.

## PANGWAKAS NA PAHAYAG

Ipinakita sa pananaliksik na ito ang karanasan ng mga batang mamamahayag na nagdaan sa iba't ibang yugto ng kabiguan at tagumpay. Bagama't nagmula sila sa magkakaibang konteksto, nagtagpo ang kanilang mga salaysay sa iisang tema na ang pagkatalo ay hindi wakas kundi simula ng pagkatuto at pag-unlad. Lumabas sa pag-aaral na ang kabiguan ay nagsilbing tulay sa muling pagsisikap, pagpapatatag ng loob at paglinang ng tiwala sa sarili. Napatunayan din na ang *self-efficacy*, tulong ng mga guro at suporta ng kapwa mamamahayag ay may malaking ambag sa kanilang pagpupunyagi sa larangan ng pamahayagang pangkampus.Bilang mananaliksik, ang paglalakbay na ito ay nagbukas ng mas malalim na pagninilay sa aking sariling posisyon bilang isang guro at tagapayo. Napagtanto ko na ang pagiging tagapayo ay hindi lamang tungkol sa pagtuturo ng teknikal na kasanayan sa pagsusulat, kundi sa paghubog ng kabuuang pagkatao ng mga mag-aaral ang kanilang disiplina, tiwala sa sarili at malasakit sa kapwa. Sa pakikinig sa kanilang mga kwento, nakita ko ang kahalagahan ng pagkakaroon ng empatiya at pag-unawa sa bawat karanasang pinagdadaanan nila. Ipinasya ko rin na higit pang pag-ibayuhin ang aking pamamaraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mas makahulugang gabay, inspirasyon at pagkakataon para sa kanila na matutong bumangon mula sa kabiguan. Sa ganitong paraan, naipapakita ko ang tunay na diwa ng pagiging guro at tagapayo—ang maging katuwang sa paghubog ng kakayahan at pagkatao ng mga kabataang mamamahayag.

## SANGGUNIAN


1. *Alfaro, P. J. T., & Protacio, A. V. (2023). Construing the worldview of the campus journalists: A phenomenological study. International Journal of English Literature and Social Sciences (IJELS), 8(1), 111–116. https://doi.org/10.22161/ijels.81.15*
2. *Alido, E. (2020). Discipline and resilience in student development: Foundations for success. Philippine Journal of Educational Psychology, 18(1), 112–126.*
3. *Andriopoulos, C. (2021). Determinants of organisational creativity: A literature review. Management Decision, 39(10). https://doi.org/10.1108/00251740110402328*
4. *Andreu, J. M. P. (2023). Meta-analysis about gamified learning experience in physical education. Revista Complutense de Educación, 34(1). https://doi.org/10.5209/rced.77254*
5. *Aquino, J. D., Ramos, M. T., & Garcia, K. L. (2022). Community and family engagement as predictors of academic resilience among Filipino students. Philippine Journal of Education, 101(2), 45-58.*
6. *Asian Journal of Humanities and Social Sciences Research. (2024). The role of article analysis and reading in enhancing understanding and interpretation of news and information. Asian Journal of Humanities and Social Sciences Research, 4(1), 12–25.*
7. *Balčytienė, A. (2025). Pagbabago ng mindset mula negatibo tungo sa positibo. Journal of Educational Psychology, 12(1), 25–37.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 11| November 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

8. Balinas, R., & Ibojo, M. (2023). Strengthening personal and professional resilience through failure. Philippine Educational Research Journal, 22(1), 67–82.
9. Bandura, A. (2021). Self-efficacy and resilience in overcoming challenges. In R. Smith (Ed.), Handbook of Motivation and Learning (pp. 204–220). Academic Press.
10. Bangani, S. (2021). The fake news wave: Academic libraries' battle against misinformation in South Africa. The Journal of Academic Librarianship, 47(4), 102301. https://doi.org/10.1016/j.acalib.2021.102301
11. Carbonilla, H. (2021). Zooming into the lens of campus journalism in the Philippines. Asia Pacific, SDG 4 Education, Youth. https://www.changemag-diinsider.com/blog/zooming-into-the-lens-of-campus-journalists-in-the-philippines
12. Caloc, L. J. R., & Baradillo, D. G. (2023). Lived experiences and challenges of first-year college students: A qualitative inquiry. International Journal of Education Research for Higher Learning, 29(1).
13. Calub, C. L. (2023). Campus journalism and challenges faced by student journalists: An overview. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/370106041
14. Chavez, J. V., Anuddin, F. O., Mansul, H. H., Hawari, N. A., Irilis, F. B., Umaron, A. A., Kaslani, F., Matugol, F., Siring, R. M., & Albani, S.
E. (2024). Analyzing impacts of campus journalism on students' grammar consciousness and confidence in writing engagements. Environment & Social Psychology. https://doi.org/10.59429/esp.v9i7.6106
15. Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (3rd ed.). Sage Publications, Inc.
16. Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative and mixed methods approach (4th ed.). Sage Publications.
17. Cubillas, A., & Cubillas, T. (2021). Awareness and compliance with campus journalism in public and private elementary schools: Basis for crafting a campus journalism implementation teachers training model. International Journal of Scientific and Research Publications, 11(2), 11093. https://www.researchgate.net/publication/349703541
18. Dadayan, A. A. (2021). Campus journalism practices among state universities of Calabarzon. IOER International Multidisciplinary Research Journal, 3(4). https://www.ioer-imrj.com/wp-content/uploads/2022/01/Campus-Journalism-Practices-among-State-Universities-of-CAABARZON.pdf
19. Dalisay, M., Lopez, R., & Abano, J. (2025). Paglalayag sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling sa mga pamahayagang pangkampus: Isang kwalitatibong pag-aaral. International Journal of Multidisciplinary Research, 15(1), 45–62.
20. Deane, P., Odendahl, N., Quinlan, T., Fowles, M., Welsh, C., & Bivens-Tatum, J. (2018). Modeling writing proficiency: A cognitive process theory of writing. Assessing Writing, 37, 27–45. https://doi.org/10.1016/j.asw.2018.03.002
21. Dela Rosa, J., Lucero, J., & Vargas, D. (2021). Campus journalism: Varying cultures and its effects to secondary campus journalists. SSRN Electronic Journal. https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=3794713
22. Del Mundo, J. (2021). Paniniwala sa sarili bilang pundasyon ng determinasyon ng mga mag-aaral. Philippine Education Journal, 15(1), 22–34.
23. Dipolog, S. B., & Dalapo, H. V. (2025). Paglalayag sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling sa mga pamahayagang pangkampus: Isang kuwalitatibong pag-aaral. EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 11(2). https://eprajournals.com/IJMR/article/15019
24. Dweck, C. S. (2019). Mindset: Changing the way you think to fulfil your potential. Random House.
25. Fernandez, C., & Morales, P. (2024). Kasanayan sa paggamit ng wikang Filipino sa pagsusulat ng editorial ng mga mag-aaral sa sekundaryang paaralan sa rehiyon ng Mindanao. Philippine Journal of Language and Communication Education, 10(3), 75–90.
26. Flor, M., Santos, G., & Reyes, T. (2024). Moral na suporta ng pamilya sa akademikong tagumpay. Philippine Journal of Educational Psychology, 19(2), 56–69.
27. Gallardo, N. P., Carpio, C. Z., Mendoza, L. C., & Redublo, M. A. M. (2022). Digital writing platform of school publications: Basis for school online journalism. American Journal of Educational Research, 10(4), 174–178. https://doi.org/10.12691/education-10-4-2
28. Hasan, Md. R. (2023). What kind of challenges are the responsible journalist facing in Bangladesh recently? ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/371082271_Bangladesh_recently
29. Lagata, M. (2024). The role of mentorship in developing student writing skills. Asian Journal of Educational Guidance, 9(1), 50–65.
30. Lichtblau, D., & Stoean, C. (2023). Chaos game representation for authorship attribution. Artificial Intelligence, 317. https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0004370223000048?via%3Dihu
31. Mangila, B. B. (2021). Mathematics teacher's engagement and students' motivation to learn mathematics. Infinity Journal, 10(2), 285–300. https://doi.org/10.22460/infinity.v10i2.p285-300
32. Martinez, C. (2020). Standing out through experience: Building excellence in student journalism. Journal of Youth Media, 8(3), 102–117.
33. Martinez, J. R. (2018). Malawak na pagbasa bilang susi sa kalidad ng pagsusulat. Journal ng Edukasyon at Panitikan, 10(2), 45–53.
34. Miao, H., Guo, R., & Li, M. (2025). The influence of research self-efficacy and learning engagement on Ed.D students' academic achievement. Frontiers in Psychology, 16, Article 1562354. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2025.1562354
35. Miranda, M. (2023). Pupils' journalistic capability: Basis for training program. A Multidisciplinary Journal Psychology and Education, 10(4), 460–465. https://scimatic.org/show_manuscript/1591
36. Morales, J. P., & Santos, L. M. (2023). Resilience in student journalists. Philippine Journal of Educational Studies, 48(1), 85–95.
37. Pacaldo, F. (2019). Preparation and persistence in student journalism contests. Philippine Journal of Student Affairs, 14(2), 45–60.
38. Prescott Jr, W. A. (2021). Ascending the levels of leadership in pharmacy academia. Pharmacy, 9(1), 31. https://doi.org/10.5688/ajpe8763
39. Quimpo, M. (2022). Pagpupunyagi at positibong pananaw sa akademiko. Philippine Journal of Educational Psychology, 19(4), 101–115.

40. *Ragragio, J. L. (2023). Mediating banal populism through vlogging in the Philippines. International Journal of Communication, 17. https://ijoc.org/index.php/ijoc/article/view/20483*
41. *Santos, A. (2020). Growth mindset at pag-unlad ng estudyante: Isang pag-aaral sa mga kabataan sa konteksto ng edukasyon. Philippine Journal of Educational Research, 15(2), 45–60.*
42. *Santos, A., Velasco, M., & Cruz, L. (2025). Mga karanasan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal sa mga pahayagang pangkampus sa Mindanao: Isang kwalitatibong pag-aaral. Mindanao Journal of Communication Studies, 12(2), 101–120.*
43. *Teijlingen, E. R., Hundley, V., Sathian, B., Simkhada, P., Robinson, J., & Banerjee, I. (2022). The art of editorial. Nepal Journal of Epidemiology, 12(1). https://doi.org/10.3126/nje.v12i1.43104*
44. *Tejedor, S., Portalés-Oliva, M., Carniel-Bugs, R., & Cervi, L. (2021). Journalism students and information consumption in the era of fake news. Media and Communication, 9(1), 338–350. https://doi.org/10.17645/mac.v9i1.3516*
45. *Wismanto, A., Asropah, A., & Arifin, Z. (2023). The contribution of journalistic knowledge to students' skills in writing news: A study of correlational analysis. Journal of Languages and Language Teaching, 11(4). https://doi.org/10.33394/jollt.v11i4.8769*